FEATURE

# Emblematic Scouts' Fancy Drill

| Aldrin E. Edpalin



They march, hop, do a bit of dance, sometimes are commanded, then salute. They're under the fierce sun, yet still cheerfully do it all; a bit tiring, but still go on, for the love of scouting.

It's sometimes hard, yet is still done with pride, for it's more than that FANCY DRILL meant to entertain. It teaches life's lessons not only to scouts, but to those who are also in view.

DISCIPLINE. Fancy drill just speaks of how hard it is to come up with a hundred percent synchronized performance, yet they're able to achieve such, for they correspond, unminding the IFs and BUTs that just remain at the back of their minds.

COORDINATION and TEAMWORK. It's the group that matters, more than them individually. They collaborate just as the way they are taught in their respective schools that 21st century learners meant to lead should learn the value of team work and proper coordination.

RESILIENCE. Having able to come up with at least 99% perfection of performance in such a drill is never possible without failure, yet despite every fall, each still rises for the group's one goal, that it to have 100% perfection. The goal may have not been that achievable first, yet every Scout's resilient heart remains afloat, teaching everyone, right time may come. One may not just have to give up.

RESPONSIBILITY. With the chance given to every Scout to partake in a Jamboree at any level, responsibility is expected. Coined with the discipline, they are expected to do what is right at all times with fullest integrity, such values that must be emulated by everyone.

OPTIMISM. Not even the fiercest heat can distract their will to finish and be cited, which as if tells, "Life is simple. Why still needs to complicate it?"

FAITH TO GOD. This they do not forget from the start up to the end, an act not only Scouts must remember, but all of us, whose only hope is the Divine Providence.

There are still this much that they display, yet these that have been mentioned are the summary of the Scouts' symbolic Fancy Drill.

> "Kailangan di lang sa Boy Scout ang pagsunod sa panuto, kundi sa bahay din at sa komunidad."
>
> – Boy Scouts of Davao City Council


> "Itinuturo nito sa mga scouts ang maging disiplinado at magkaroon ng presence of mind, maging snappy"
>
> – Arthur Espinosa, Cadiz City, Negros Occidental Council





Photo Courtesy of Lorwin Sayco of Visayan Region

# "Bayanihan sa Bayan ni Juan"



Nasusubok ang katatagan ng loob ni "Juan" sa bawat pagsubok na kaniyang hinaharap at nalalampasan sa buhay. Ano mang uri ng unos ang humadlang, hindi papatinag ang damdaming palaban "Juan" dahil siya ay laging handa at isinasabuhay ang "kapatiran" para sa ikauunlad ng kaniyang bayan.

Kahit na sino ay maaring maging si "Juan", Juan na Makabayan, Juan na nakikipagbayanihan. Ang 17th National Scout Jamboree ang nagsilbing "bayan" ng mga Boy Scouts na nanahan dito sa loob ng 7 araw.

"Kahit mahirap ang ginagawa natin, kung sabay-sabay tayong magtutulungan, mapapadali yung gawain,"mga salitang inutal ng iskawt na ito, wari'y may malaking pagkakahawig sa "Juan" na Makabayan. Siya ay si Set Vin Aaron Orbeta, 15 taong gulang, Boy Scout mula sa Rizal.

"Narito kami para ayusin ang aming campsite," winika ni Vin nang matanong kung bakit sila maagang bumalik sa campsite matapos nilang dalhin sa evacuation site(school) Dis. 3.

Wala silang sinasayang na oras, pukpok dito, pukpok doon. Tali dito, tali doon. Lahat kumikilos, lahat may inaayos. Mula sa mga nakatumbang tent dulot ng bagyong Tisoy. Nakatindig ang grupo ni Vin para ito'y itayo.


Hindi man "Juan" ang kanyang pangalan, nabubuhay naman sa kanya ang ugali at katangian ng isang tunay na iskawt, isang "Juan" na kailangan ng ating bayan.

"Ang bayanihan ay pagkakaibigan na ipinakikita ng pagkakaisa para maging maayos ang lahat," ang winikang ito ni Vin ay patunay na mamamayan sa kanya sa pagiging "Juan" na naghahangad ng kabutihan para sa masasabing "Bayan" nila dito sa Campsite.

Sinubok man ng malakas na hangin ngunit hindi pa din nilipad ang pagiging isang iskawt. Bumuhos man ang malakas na ulan, hindi pa din inanod ang mithiing itaguyod ang kanilang campsite. Mapagod man, paulit-ulit mang padapain ng problema at pagsubok, hindinagpapatumba at nananatiling nakatayo dahil pagkakaisa ang sa kanila ay bumubuo. Hiwa-hiwalay mang babagsak, sabay-sabay namang titindig at lalaban. Nasa ating lahat ang pagkatao ni "Juan", iba man ang iyong pangalan, maging Vin o sino ka man, laging pairalin ang "Bayanihan", para sa bayan ni Juan.

| John Spencer Arlega

# Alab ng Puso, Sa Dibdib mo'y Buhay



Apoy, sumasalamin sa kapangyarihan at kapahamakan. Mapanakit, mapanira, sumisingil ng buhay. Lingid sa kaalaman ng ilan, dumaranas ng hapdi ang iba dulot ng pwersang ito. Ito ang kwento ng karamihan na nahihimlay sa dilim subalit sa liwanag ng mensahe nito ay kailangang mabatid ng nakararami.

Sa kabilang banda, apoy rin ang siyang dahilan upang

> "'Yong mga tent po at gamit pang iskawting ang itinakbo ko kasi po wala akong gagamitin sa camping."

malaman ang kalakasan at katapangan mayroon ang isang tao. Agawin man ng mapanirang elementong ito ang lahat, hindi mauupos ang lagablab ng damdamin ng isang iskawt.

" 'Yong mga tent po at gamit pang iskawting ang itinakbo ko kasi po wala akong gagamitin sa camping.", madamdaming pahayag ni Christian C. Labanza, 10 taong gulang ng Mandaluyong City Council, ang iskawt na may pinagdaraanang matinding karanasan matapos masunog ang kanilang tahanan ilang araw bago pa man siya lumahok sa 17th National Scout Jamboree.

Markado ang pangyayari sa kanyang isipan ngunit higit na namayani ang kanyang katapangan sa gitna ng sunog.

"Pinigil ko po 'yong iyak ko. Tinulungan ko pong magbuhat ng gamit 'yong magulang ko." Saad niya.

Apoy man ang naging dahilan ng isa sa mga karanasang hindi malilimutan, masasabing apoy rin ang sumisimbolo sa puso ng batang iskawt na si Christian, sa murang edad niya ay mayroon siyang determinasyon at angking tapang na harapin ang anumang hadlang.

"'Pag natatakot kayo, pigilan niyo na lang at isipin nyo na tumulong nalang sa nangangailangan, sa magulang niyo." , mensahe niya para sa mga kabataang dumaranas ng parehas na pangyayari.

Si Christian ay tulad ng isang apoy. Ano man ang kalbaryo ay kayang harapin. Hindi nawawala ang "init" para sa kaniyang mithiin na makalahok sa Jamboree na natupad dahil sa alab ng kanyang puso na sa kaniya'y laging buhay.

"Magiging masaya pa rin po kao kasi natapos ko po 'yong National Jamboree. Gustong gusto ko po talaga ito." Pangwakas na sambit ng iskawt na si Christian.

| JOHN SPENCER D. ARLEGA

# Noah: Ang Bahani ng Liping Sinama

Muling nanumbalik sa aking alaala ang kuwento ni Noah nang bumuo siya ng isang arko upang sagipin ang salinlahi mula sa delubyo at pagkawasak ng mundo. Ano pa't naglayag ang barkong ito at binagtas ang katubigan upang ipabatid na may pag-asa at muling makapagsisimula ang isang bayan.

Si Noah at ang kanyang arko, naglayag.

Si Omar Mohammad o mas kilala na tawag na Noah ,12 ,mula sa tribong Sinama sa pinakamalayong pulo ng Pilipinas na nakilahok sa 17th National Scout Jamboree, ang Tawi-Tawi.

Sa limang araw na paglalakbay mula sa sariling tahanan ay nasumpungan ang bagong tirahan sa loob ng isang linggo, ang Camp Kainomayan. Dito kung saan ang batang Samal ay nagpamalas ng pambihirang tatag ng katawan at talas ng isipan bilang magiting na scout.

Isa't kalahating oras na biyahe mula Tawi-Tawi hanggang Zamboanga City, apat na araw sa barko patungong Maynila at apat na oras lulan ng bus upang tuluyang matunton ang bayan ng Botolan-ganyan ang pagkakakwento ng Scout Leader ni Noah, si G. Alwin Cawili.



Hindi mababakas sa kanyang mukha ang pagod sa napakatagal na biyahe ngunit ang napakalaking ngiti mula sa kanyang labi na nagpapahiwatig ng saya na siyay mapabilang sa 17th National Scout Jamboree.

"Buti nalang very supportive ang mga parents nila, nakisuyo na kami kung maari na mag-produce o magprovide sila when it comes to financial aspects na pambili ng gamit nila, ngunit out of 9 na participants na nakaregister, tatlo ang tumuloy dahil sa financial problems," ani Cawili.

Hindi marangya ang buhay ni Noah subalit sinikap ng kanyang magulang na maranasan niya ang ganitong klase ng camping.

Sa tribo kung saan nagmula ang magigiting na bayani o mandirigma na tinatawag na 'bahani' sa kanilang wika, ano ba nga bang magandang paraan upang ipamulat ang pagmamahal sa bayan at sa kapwa? Hindi ba't sa Iskawting?

"Gusto kong makatulong kaya ako nag-boy scout, para matuto. Halimbawa, may sunog, 'pag may tao sa loob, papasukin ko at tutulungan," ang tugon ni Noah nang matanong siya kung paano niya isasabuhay ang pagiging isang matapang na iskawt. Tunay ngang nananalaytay sa kanya ang dugo ng pagiging bahani.

Si Noah na aking nakilala ay lilisang muli.

Naglayag si Noah upang ipakita sa buong bansa na sa kabila ng layo ng kaniyang pinaggalingan ay kaya niyang makipagsabayan. Muling babalik si Noah sa Tawi-Tawi hindi bilang parte ng barkong naglulan sa kwentong hango sa Bibliya kundi bagong sibol na bahani ng lahi niya. Mabuhay ka Noah!

| Andrei Pangilinan

## A CUP FOR REMINISCENCE

"Should old acquaintance be forgot, and never brought to mind?" This line from Robert Burns' poem matches the mood of each and every delegates-local and regional, as they embark another journey as the Boy Scout of the Philippines.

The 17th National Scout Jamboree led the light to empower unity and diversity among the Scouts. The oneness and closeness of every individual, even in just short span of time, tested the solidarity among them.

"But… what do we truly miss the most?" It is common to us to have a short recall on the moments they shared during the period of jamboree. The time when they get to encounter a lot of strangers, laughed and danced with them, talked and asked their councils and most especially, their names in facebook.

And how about the learning? From the School-based Camping, these Scouts have had all the sacrifices in order to fulfil the basic requirements for the National Scout Jamboree. And now that they have marked a significant impact to the history of Scouting, and brought home all the lessons learned drawn by the experience, Scouts are ready to face the future.

"It's really inevitable to miss all the people whom you have just met."- Anonymous. True to that, you may not be able to remember their names, but the moments shared together will instil to their minds. Burns further says, "And there's a hand my trusty friend! And give me a hand o' thine!" Another noteworthy line that embraces differences behind the colors of cultures, tradition and practices worthy of emulation.

| Jethro Alop Ticong/ Jhonley Paul Quilalang/ Juvy Deliquina

# Si Paul ng Aklan at ang bakas ng kanyang mga paa

Tila ba kinain na ng industriyaisasyon ang kalikasan. Mga makabagong sasakyan at mga pabrikang lumuluwa ng nakalalasong basura para sa kapaligiran. Kaya naman dapat ng simulan ang aksiyong babago at magbabalik sa totoong mukha ng ating Inang kalikasan. Pinatunayan ito ng isang Iskawt na mula sa konseho ng Aklan na si Paul B. Araza, 15 taong gulang, na may layuning tulungan ang kalikasan na ibalik ang asul na karagatan sabay ang paglangoy ng mga naglalakihang isda, at preskong hangin na dumadampi sa mga balat at nagpapasayaw sa mga dahong luntian sa bakuran.

Mithiin niyang mapanatili ang kalinisan sa simpleng pagpulot ng mga basura sa ating kapaligiran at paglalakad sa halip na pagsakay sa mga sasakyan.

Sa apat na taon niyang pagsisilbi para sa kalikasan muli niyang naisakatuparan ang kanyang layunin sa isinagawang 17th National Scout Jamboree matapos niyang lakarin mula sa kampo hanggang sa mismong sentro ng kalakaran ng bayan (town proper). Ayon sa kanya, ang paglalakad ay hindi lamang nakakabawas sa paggamit ng gasolina, ito rin ay nakatutulong sa ating kalusugan.

Natupad niya rin ang pangalawa niyang layunin na mabawasan ang kalat, na nakaaapekto sa kagandahang taglay ng ating kalikasan, matapos gawin ang di paggamit ng plastik sa Jamboree.

DAN REYVEN MENDIGORIN | see PAGE 6

